

# DIREKTIBA SA PANLOOB NA MASKARA

## Patnubay para sa Mga Negosyo



Ang mga may-ari ng negosyo ay may mga mapagpipilian para kung paano ipapatupad ang patnubay sa panloob na maskara sa kanilang mga establisyemento.

Dahil **walang madaling paraan upang suriin ang katayuan sa pagbabakuna** ng lahat na pumapasok sa isang gusali, mahigpit na hinihimok ng Direktiba ng Lokal na Opisyal ng Pangkalusugan ng King County **ang mga negosyo na magpatuloy sa pagpapatupad ng mga kautusan ng maskara para sa lahat ng mga empleyado at mga kustomer** sa mga panloob na lugar.

Aksyon	Kinakailangan (ng DOH o L&I)	Masidhing Hinihikayat (ng Direktiba ng King County)	Pinili ng Negosyo
Maglagay ng mga karatula na nagsasabing kinakailangan ang mga maskara para sa mga hindi nabakunahan at sa mga taong bahagyang nabakunahan sa mga wikang pinakamadala gamitin ng negosyo	X	Maglagay ng mga palatandaan na humihikayat sa paggamit ng maskara ng lahat	
<b>PARA SA MGA EMPLEYADO:</b>			
Hilingin ang paggamit ng maskara para sa mga empleyadong hindi nabakunahan o bahagyang nabakunahan	X		
Hilingin ang paggamit ng maskara para sa mga empleyadong ganap nang nabakunahan		X	X
Hilingin ang katibayan ng pagbabakuna mula sa mga empleyado para makapagtrabaho nang walang mga maskara	Kinakailangan kung papayagan ng mga negosyo ang mga empleyadong ganap nang nabakunahan na magtrabaho nang walang mga maskara		X
<b>PARA SA MGA KUSTOMER:</b>			
Hilingin ang paggamit ng maskara para sa mga kustomer na hindi nabakunahan o bahagyang nabakunahan	X		
Hilingin ang paggamit ng maskara para sa mga kustomer na ganap nang nabakunahan		X	X
Humingi ng katibayan ng pagbabakuna mula sa mga kustomer			X

Ang tsart sa itaas ay nagdedetalye kung ano ang kinakailangan at inirekomenda ng Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington/Department of Health (DOH), Kagawaran ng Paggawa at Mga Industriya ng Washington/Labor and Industries (L&I) at Pampublikong Kalusugan ng Seattle at King County.




Ang paghiling ng mga maskara ay ang **PINAKALIGTAS** at **PINAKASIMPLENG PARAAN** upang maprotektahan ang iyong mga empleyado, mga kustomer, at pamayanan.

Gayunpaman, kung pipiliin mong payagan ang mga *ganap nang mga nabakunahang empleyado at kustomer na pumunta nang walang mga maskara*, narito kung ano ang magagawa mo habang sinusunod pa rin ang Direktiba sa maskara:

1. **Tiyakin ang katayuan sa pagbabakuna ng lahat** na papasok sa espasyo. Ang kabilang na katanggap-tanggap na mga porma ng dokumento ng pagbabakuna ay:

- Kard ng pagbabakuna ng CDC
- Isang larawan ng kard
- Dokumento mula sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan
- Dokumento mula sa sistema ng impormasyon ng pagbabakuna ng estado


Ang sistema ng katibayan ng pagpapatunay na ito ay dapat makukuha kung hihilingin ng L&I. Ang pagpapatunay ng katayuan sa pagbabakuna ng empleyado ay kinakailangan mula sa L&I kung pinapayagan ng mga negosyo ang mga empleyado na magtrabaho nang walang mga maskara.



2. **Gumawa ng isang sistema o proseso upang masubaybayan na ang mga taong hindi nabakunahan ay patuloy na nagsusuot ng maskara.** Ito ay maaring maging ganito:

- Ang paggawa ng mga seksyong tukoy ng nabakunahan sa loob ng gusali, na may minimum na 6 na talampakang distansya mula sa mga seksyong hindi nabakunahan
- Ang pagtatalaga ng ilang mga oras ng araw kung kailan kinakailangan ang mga maskara para sa lahat ng kustomer at iba pang mga oras na espesipiko para sa mga ganap nang nabakunahang mga kustomer na hindi na hihilingin ang pagsuot ng mga maskara.

3. **Ang mga taong hindi nabakunahan o bahagyang nabakunahan ay dapat magsuot ng maskara at panatilihin ang pagitan sa isa't-isa sa lahat ng oras.**



Para sa karagdagang mga katanungan, makipag-ugnay sa [coronavirus@kingcounty.gov](mailto:coronavirus@kingcounty.gov) (ang mga sagot ay magagamit sa Tagalog).

Ang Direktiba ng Lokal na Opisyal ng Kalusugan (Mayo 20, 2021) ay mananatiling may bisa hanggang makumpirma ng King County na 70% ng mga residente na 16 taong gulang at higit pa ay ganap nang nabakunahan sa King County. Kapag nakamit ito, hihilingin pa rin ng mga negosyo na sundin ang mga kinakailangan sa maskara ng DOH at L&I na nakalista sa dokumentong ito.

Dagdagan ang nalalaman tungkol sa [DOH Face Covering Guidance for businesses](#). (website sa Ingles lang)